Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa

PATNUBAY SA MISA

25 Agosto 2024 | Ika-21 Linggo sa Karaniwang Panahon | Taon B

PANININDIGAN AT PAGPAPASYA PARA KAY HESUS!

Dumarating sa ating buhay na kailangan nating gumawa ng mahahalagang pagpapasya na maaaring magkaroon ng matinding epekto sa ating katayuan sa buhay, sa ating propesyon o trabaho, mga plano at layunin. Ang pinakapangunahing pagpapasya ay may kinalaman sa ating pakikitungo kay Hesukristo. Tuwina tayong hinahamong mamili sa katapatan sa kanyang mga turo at hindi sa mga panghalina ng kamunduhan. Ito ay pagpiling nangangailangan ng karunungan at malawak na pang-unawa. Inaakay tayo ng karunungang manindigan kay Hesus. Sa pagpili natin sa kagandahang-loob, napatutunayan natin ang ating pagsunod kay Hesus.

Nawa'y ang mga pagbasa ngayon at pagdiriwang natin ng Eukaristiya ay maka-akit sa ating tumulad kay Pedro sa kaniyang malinaw na pasya: "Panginoon, kanino po kami pupunta? Nasa inyo ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan."

PASIMULA

Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Sa aking abang dalangin, D'yos ko, ako'y iyong dinggin. Ang pagsamo ko't pagdaing ay mangyaring iyong dinggin. Kaligtasa'y aking hiling.

Pagbati

***P*–** Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!
***B*– Amen!**
***P* –**Ang pagpapala ng ating Panginoong Hesukristo, and pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo nawa'y sumainyong lahat!
***B* –At sumaiyo rin!**

Pagsisisi

***P* –**Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan, upang tayo'y maging karapat-dapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Manahimik saglit.)*

***P* –**Panginoong Hesus, hinahamon mo kaming maniwala sa iyong salita kahit di namin ito nauunawaang lubos. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –**Panginoong Hesus, iniwan ka ng marami sa iyong mga disipulo. Kristo, kaawaan mo kami!
***B* – Kristo, kaawaan mo kami!**

***P* –**Panginoong Hesus, nasa iyo lamang ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Panginoon, kaawaan mo kami!
***B* – Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P* –** Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.
***B* – Amen!**

Papuri

***B* –**Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan.

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P **–**Ama naming makapangyarihan, ginagawa mong kami'y magkaisa ng kalooban. Ipagkaloob mong ang iyong mga utos ay aming mahalin, ang iyong mga pangako ay hangarin naming tanggapin, upang sa anumang pagbabago sa paligid namin manatiling matatag ang aming loobin sa tunay na kasiyahang matatagpuan sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

Unang Pagbasa ***Jos 24:1-2. 15-17.18***

Tinipon ni Josue ang 12 lipi sa Siquem para sa muling pagpapatibay ng Pakikipagtipan sa Panginoon na unang ginawa sa Sinai. Ito ay pambihirang pagkakataon para sa kanya at sa lahat ng tao para ipahayag ang kanilang katapatan sa Panginoon.

L– Pagbasa mula sa Aklat ni Josue

Noong mga araw na iyon, tinipon ni Josue sa Siquem ang lahat ng lipi. Pagkatapos, tinawag niya ang matatanda, ang mga hukom, ang mga pinuno at mga tagapangasiwa sa Israel, at sila'y humarap sa Panginoon. Sinabi niya: "Kung ayaw ninyong maglingkod sa Panginoon, sabihin ninyo kung kanino kayo maglilingkod: sa diyus-diyusang sinamba ng inyong mga ninuno sa Mesopotamia, o sa mga diyus-diyusan ng mga Amorreo, na sinasamba dito sa lupaing inyong tinatahanan. Ngunit ako at ang aking angkan ay sa Panginoon lamang maglilingkod."

Sumagot ang bayan: "Wala kaming balak na talikuran ang Panginoon at maglingkod sa mga diyus-diyusan. Ang Panginoon, na ating Diyos, ang siyang humango sa atin sa pagkaalipin sa Egipto. Nasaksihan din namin ang mga kababalaghang ginawa niya upang tayo'y maingatan saanman tayo mapadako at mailigtas sa mga kaaway na ating nadaanan. Kaya't kami rin ay sa Panginoon maglilingkod. Siya ang ating Diyos."

Ang Salita ng Diyos!
B **–Salamat sa Diyos!**

Salmong Tugunan ***Awit 33***

B –Magsumikap tayong kamtin ang Panginoong butihin!

R. M. Velez



*** Panginoo'y aking laging pupurihin; sa pasasalamat di ako titigil. Aking pupurihin kanyang mga gawa, kayong naaapi, makinig, matuwa!** ***B.***

*** Kinukupkop ng Diyos ang mga matuwid at ang taghoy nila'y kanyang dinirinig. Nililipol niya yaong masasama hanggang sa mapawi sa isip ng madla.** ***B.***

*** Agad dinirinig daing ng matuwid, inililigtas sila sa mga panganib. Tumutulong siya sa nasisiphayo, ang walang pag-asa'y hindi binibigo.** ***B.***

*** Ang taong matuwid, masuliranin man, sa tulong ng Poon, agad maiibsan. Kukupkupin siya nang lubus-lubusan, kahit isang buto'y hindi magagalaw.** ***B.***

*** Ngunit ang masama, ay kasamaan din, sa taglay na buhay ang siyang kikitil. Mga lingkod niya'y kanyang ililigtas, sa napakukupkop, siyang mag-iingat!** ***B.***

Ikalawang Pagbasa ***Ef 5:21- 32***

Inilalahad ni San Pablo ang pakikitungo sa isa't isa ng mag-asawa na kaugnay ng dimakasariling pagmamahal ni Kristo. Ang ganitong di-makasariling pagmamahal ay siyang ikinapagbabago ng pamilya sa "Simbahan ng tahanan" at ng bawat pamilya sa isang "pamilyang pang Eukaristiya."

L– Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

Mga kapatid, pasakop kayo sa isa't isa tanda ng inyong paggalang kay Kristo. Mga babae, pasakop kayo sa inyu-inyong asawa tulad ng pagpapasakop ninyo sa Panginoon. Sapagkat ang lalaki ang ulo ng kanyang asawa, tulad ni Kristo na siyang ulo ng Simbahan, na kanyang katawan, at siyang Tagapagligtas nito. Kung paanong nasasakop ni Kristo ang Simbahan, gayon din naman, ang mga babae'y dapat pasakop nang lubusan sa kani-kanilang asawa.

Mga lalaki, ibigin ninyo ang inyu-inyong asawa, gaya ng pag-ibig ni Kristo sa Simbahan. Inihandog niya ang kanyang buhay para rito, upang ang Simbaha'y italaga ng Diyos matapos linisin sa pamamagitan ng tubig at ng salita. Ginawa niya ito upang maiharap sa kanyang sarili ang Simbahan, marilag, banal, walang batik at walang anumang dungis o kulubot. Dapat mahalin ng mga lalaki ang kani-kanilang asawa tulad ng sarili nilang katawan. Ang lalaking nagmamahal sa kanyang asawa ay nagmamahal sa kanyang sarili. Walang taong namumuhi sa sarili niyang katawan, bagkus ito'y pinakakain at inaalagaan, gaya ng ginagawa ni Kristo sa Simbahan. Tayo'y mga bahagi ng kanyang katawan.

"Dahil dito, iiwan ng lalaki ang kanyang ama't ina at magsasama sila ng kanyang asawa; at sila'y magiging isa." Isang dakilang katotohanan ang inihahayag nito – ang kaugnayan

TALASALITAAN: • *Josue:* Ang katulong at kahalili ni Moises. Siya'y kasama sa pagsisiyasat sa Canaan at sa pag-akyat ni Moises sa Bundok ng Sinai upang tanggapin ang mga utos mula sa Panginoon. Pagkamatay ni Moises, siya ang gumabay sa bayan ng Israel sa pagsakop sa Lupang Ipinangako at sa pagpapanibago ng Tipan sa Diyos. **• *Amorreo:*** mga kasapi ng paganong tribo na nanirahan sa Palestina bago sinakop ng mga Israelita ang lupaing iyon.

ni Kristo sa simbahan ang tinutukoy ko.

Ang Salita ng Diyos!
***B* –Salamat sa Diyos!**

Aleluya

***B* –Aleluya! Aleluya!**
Espiritung bumubuhay ang Salita mo, Maykapal, buhay mo ang tinataglay.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita ***Jn 6:60-69***
Katatapos pa lamang ni Hesus sa kanyang pahayag tungkol sa "Pagkaing Nagbibigay-Buhay." Ang pananalig sa kanya at pagtanggap ng kanyang katawan at dugo ay ang mahahalaga pa ring kundisyon para magtamasa ng buhay na walang hanggan, ngunit marami sa kanyang mga tagapakinig ay di makatugon sa gayong mga pangaral.

***P* –**Sumainyo ang Panginoon!
***B* –At sumaiyo rin!**
***P* –**Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan
***B* –Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon, marami sa mga alagad ni Hesus ang nagsabi, "Mabigat na pananalita ito; sino ang makatatanggap nito?"

Alam ni Hesus na nagbubulung-bulungan ang kanyang mga alagad tungkol dito, kaya't sinabi niya, "Dahil ba rito'y tatalikuran na ninyo ako? Gaano pa kaya kung makita ninyong umaakyat ang Anak ng Tao sa dati niyang kinaroroonan? Ang Espiritu ang nagbibigay-buhay; hindi ito magagawa ng laman. Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay Espiritu at buhay. Ngunit may ilan sa inyong hindi nananalig sa akin." Sapagkat talastas ni Hesus buhat pa noong una kung sinu-sino ang hindi nananalig sa kanya, at kung sino ang magkakanulo sa kanya. Idinugtong pa niya, "Iyan ang dahilan kaya ko sinabi sa inyo na walang makalalapit sa akin malibang loobin ito ng Ama."

Mula noo'y marami sa kanyang mga alagad ang tumalikod at hindi na sumama sa kanya. Kaya't tinanong ni Hesus ang Labindalawa, "Ibig din ba ninyong umalis?" Sumagot si Simon Pedro, "Panginoon, kanino po kami pupunta? Nasa inyo ang mga salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan. Naniniwala kami at ngayo'y natitiyak naming kayo ang Banal ng Diyos."

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!
***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

***B*–**Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Nalulуklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

***P* –**Si Hesus ay isang tapat at masintahing pastol. Ang kanyang pangaral ay may kaakibat na paghamon, lalong higit ang turo niya sa hiwaga ng Eukaristiya. Batid ang ating kahinaan, tayo'y magsumamo:

***B* –Diyos naming tapat, maging tapat nawa kami sa iyo!**

* Nawa'y ang Simbahan, sa pamumuno ng kahalili ni Pedro, ay tuwinang manatiling tapat sa pakikipagtipan sa Panginoon. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y palagiang maalaala ng mga Kristiyano na natutuksong sumunod sa masamang halimbawa ng mga taong di-tapat at imoral ang kanilang mga pangako sa kanilang binyag. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y sa pamamagitan ng tapat na pagmamahalan, ang mga mag-asawa'y magpatotoo sa pagmamahal na nagbubuklod kay Kristo at sa Simbahan. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y isa-isantabi ng mga di naniniwala sa presensiya ni Kristo sa Eukaristiya ang kanilang pangangatuwiran at pakumbabang tanggapin ang turo ni Kristo hinggil dito. Manalangin tayo! ***B.***

* Nawa'y lahat ay manatiling tapat kay Hesus, kahit na marami ang tumatanggi sa kanyang turo at tumitiwalag sa Simbahan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng may panununungkulang pampolitika: Nawa'y lagi silang nakatuon sa paglilingkod, at sa pagkilos para sa wastong paglaganap ng lipunan at sa kapakanang pangkalahatan, lalu na sa pangangalaga para sa mahihirap at mga nawalan ng ikabubuhay. Manalangin tayo! ***B.***

***P* –**Panginoon ng lahat ng katotohanan at kaaliwan, kahit na ikaw ay iwan ng lahat dahil sa iyong mga kahingian, di kami titigil na sumamba, magmahal, at maglingkod sa iyo, pagka't ikaw lamang ang may salitang nagbibigay ng buhay na walang hanggan, at nabubuhay at naghahari magpakailanman.
***B* –Amen!**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P* –**Manalangin kayo . . .
***B* –Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

Panalangin ukol sa mga Alay

***P* –**Ama naming Lumikha, pinagkamit mo kami ng iyong pagkupkop pakundangan sa isang pampalagiang paghahandog

kaya't sa iyong Sambayanan ay iyong ipagkaloob ang pagkakaisa at kapayapaang nagbubuklod bunga ng aming mga alay na iyong ikinalulugod sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

Prepasyo VI

P –Sumainyo ang Panginoon!
B –**At sumaiyo rin!**
P –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!
B –**Itinaas na namin sa Panginoon!**
P –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!
B –**Marapat na siya ay pasalamatan!**
P –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan.

Nasa iyo ang aming buhay, pagkilos at pag-iral. Sa pamumuhay namin araw-araw tinatamasa namin ang iyong pagmamahal. Sa pag-ibig mong ipinunla sa sangkatauhan ang Espiritu Santo'y unang aning bigay ng Anak mong naglagak sa amin ng katiyakang nakalaang mabuhay kami sa piling mo kailanman.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:
***B*– Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P –Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.
B **–Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang halaman ay namunga at may pagkaing nakuha, ubas na dulot ay sigla, pawang bigay ng D'yos Ama upang tayo'y lumigaya.

Panalangin Pagkapakinabang

P –Ama naming mapagmahal, lubusin mo sa amin ang kagalingang bigay ng iyong pag-ibig na ngayo'y ipinagdiriwang at kami nawa'y magkaroon ng ganap na kaunlaran upang sa lahat ng aming pinagkakaabalahan, ikaw ay aming mabigyang-kasiyahan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

PAGWAWAKAS

P –Sumainyo ang Panginoon.
B **–At sumaiyo rin!**

P –Pagpapalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo ngayon at magpasawalang hanggan.
B **–Amen!**

P –Humayo kayo sa kapayapaan upang paglingkuran ang Panginoon nang buong katapatan at pagmamahal.
B **–Salamat sa Diyos!**



Word And Life Publications / Word And Life Religious Store
https://shopee.ph/wordandlifereligiousstore_2021
https://www.lazada.com.ph/shop/salitaatbuhaystore

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila
Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
Tel. Nos. 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. B. Nolasco, Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

SA GANANG AKIN, TANANG PUSO AT KALOOBAN!

Kalakbay at Katoto

Pagpili at pagpapasya ang tinutumbok ng unang pagbasa natin ngayon. "Mamili kayo," ani Josue, sa kanyang mga kababayan! "Magpasya kayo," sabi pa niya, sa mga taong tila mga salawahan, mga taong walang isang salita; mga taong namamangka sa dalawang ilog, ika nga; mga nilalang na sala sa init, sala sa lamig; mga balimbing, na isang katagang naging palasak noong araw.

Mahirap gawin ang magpakatotoo, ang magpakatatag sa isang adhikain, iisang layunin, at iisang mithiin. Madali ang magpadala sa agos, ang magpa-anod sa baha, ang magpaihip sa direksyon kung saan humahampas ang hangin. Mahirap ang manindigan, ang maituring na kakaiba, ang mabansagang salungat sa takbo ng lipunan, ang magpamalas ng katatagan sa ngalan ng wasto at tama.

Madali ang magpadala sa takbo ng kultura, sa isang kalalagayang ang puno at dulo ay ang katotohanang ginawang popular ni Lozada sa katagang "kalakaran." Mahirap ang maging kakaiba, ang maging salungat, ang maging "KJ" o "kill joy" – na isang salitang hindi na natin naririnig sa panahon natin. Mahirap ang maging contrapelo, maging kontrabida, at hindi sumasayaw sa tugtugin ng nakararami.

Mahirap magpaka tapat, lalu na't ang kalakaran ay ang kabuktutan sa lahat ng antas ng lipunan. Ang kabuktutan, bagama't halos lahat ay ibinibintang sa mga nakatira sa tabing ilog Pasig sa Maynila, ay takbo ng lipunan mula sa kataas-taasan hanggang kababa-babaan ng sambayanang Pinoy. Ang lahat ay sumisigaw laban sa katakawan; ang lahat ay nagsisipag-takinan at tahulan laban sa katiwalian ng mga nasa taas, subali't sa malalim na pagkilatis natin, maging ang mga palahaw ang sigaw sa kadayaan ay sila ring nananagana sa ilalim ng rehimeng nawala na ni bahid ng kahihiyan sa kanilang ginagawa – sa ngalan ng paglilingkod (daw) sa bayan.

Nandiyan ang mga naglilingkod na hindi na halos napalitan magmula noong 1986! Ginawang OIC, noon, "oh, I see," mayor pa rin ngayon. Kung hindi sila, ang kanilang asawa, anak, pamangkin, at mga inangking mga alipores. Kalakaran ito ng diwa ng kalayaan!

Nandiyan din ang mga nagpapakilala bilang masugid na tagapagtanggol ng karapatang pantao, mga bihasa sa pagtatalumpati sa lansangan, mga sanay at hasang-hasa sa paghahanap ng mali sa sinumang anumang gawin ay laging may kamalian. Sila ang mga kampeon ng mga maralita at hikahos ng lipunan. Bilangin ninyo ang SONA na binitawan ng lahat ng mga nagdaang mga pangulo . . . wala sila ni isa man ang sinang-ayunan. Lahat ay palpak. Lahat ay mali. Lahat ay walang tama, at ni isang hibla ng pagpapahalaga ay nakita sa kanilang mga mapanglait at walang pakundangang pagpula. Kalakaran ito ng takbo ng sistema political na nababatay sa paninira, panggugulo, at walang sawang panunuligsa! Bilangin ninyo kung may nagustuhan silang presidente sa kasaysayan natin . . . wala!

Laksa-laksang salapi ng bayan ang nalustay at patuloy na nalulustay sa ngalan ng paglilingkod sa bayan . . . noon, ngayon, at marahil ay pati bukas. Sa gitna ng patuloy at walang ampat na paghirap ng bayan, patuloy na pagyaman ang mga tampalasang walang inisip liban sa pagpapalawig ng kanilang panunungkulan.

Kalakaran din ito . . . nakasanayan na . . . nakagawian na!

Sa unang pagbasa, alam natin kung ano ang nakasanayan ng mga Israelita . . . walang patid na pag-angal kay Moises . . . sapagka't sila ay inilabas sa Egipto . . . ang kinagawiang pagsamba sa mga diyus-diyosan . . . ang patuloy na pagsuway sa utos ng Diyos sa kanila.

Kalakaran noon ang sumamba sa mga diyus-diyosan ng kanilang mga kapitbayang walang pagkilala sa Diyos na nagpakilala sa pamamagitan ni Moises.

Nguni't ito ang magandang balita na tumatagos sa ating guni-guni . . . ang paninindigan ni Josue . . . ang pagpapasya niya na manatili sa takbo, hindi ng kalakarang naturan, bagkus ng patakaran ng konsiyensya – ang mangako na walang pag-aatubiling pagsunod o pagtalima sa kalooban ng Diyos. ***"Sa ganang akin, tanang puso, tanang kalooban ay para sa Diyos!"***

Matindi ang laban natin magpahangga ngayon. Matindi ang kalaban . . . at alam natin lahat na ang kalaban ay ang kalakaran ng kasalanan na malalim ang pagkaka-ugat sa istruktura ng lipunan, mula sa taas, hanggang sa pinakamababa at pinakamalayong barangay o sitio sa buong bansa.

Si Josue ay isang propetang dinarakila ng liturhiya sa araw na ito. Si Josue ay modelo para sa atin. Siya ay isang bantayog na atin dapat tingalain. At ang kanyang paninindigan ay walang iba kundi ang kanyang ipinagmakaingay: ***"Sa ganang akin, tanang puso, tanang buhay ay laan sa Diyos . . . nakalaan sa Diyos lamang, at hindi sa kalakaran ng lipunang nasadlak sa kasalanan!***